Tagalog

# “Behold I Am the Light Which Ye Shall Hold Up”

By Elder Ronald A. Rasband
*Of the Quorum of the Twelve Apostles*

# “Masdan, Ako ang Ilaw na Inyong Itataas”

Ni Elder Ronald A. Rasband
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

October 2024 general conference

---

*We hold up the Lord’s light when we hold fast to our covenants and when we support our living prophet.*

*Itinataas natin ang liwanag ng Panginoon kapag kumakapit tayo nang mahigpit sa ating mga tipan at sinusuportahan natin ang ating buhay na propeta.*

To the many testimonies at this conference, I add my apostolic witness that Jesus Christ is the Son of God, our Lord and Savior, the Redeemer of all of our Father’s children. By His Atonement, Jesus Christ made it possible for us, if we are worthy, to return to the presence of our Father in Heaven and be with our families for eternity.

Sa maraming patotoong ibinahagi sa kumperensyang ito, idinadagdag ko ang aking patotoo bilang apostol na si Jesucristo ang Anak ng Diyos, ang ating Panginoon at Tagapagligtas, ang Manunubos ng lahat ng anak ng ating Ama. Sa Kanyang Pagbabayad-sala, ginawa ni Jesucristo na posible para sa atin, kung karapat-dapat tayo, na makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit at makasama ang ating mga pamilya sa kawalang-hanggan.

The Savior is not absent from our mortal journeys. For the past two days we have heard Him speak through His chosen leaders that we might draw closer to Him.Time and again, with His pure love and mercy, He sustains us as we face the drama of life. Nephi describes: “My God hath been my support; he hath led me through mine afflictions. … He hath filled me with his love.”

Lagi nating kasama ang Tagapagligtas sa ating mga paglalakbay sa mundo. Sa nakalipas na dalawang araw ay narinig natin Siyang nagsasalita sa pamamagitan ng Kanyang mga piniling mamuno upang tayo ay mapalapit sa Kanya. Muli’t muli, sa Kanyang dalisay na pagmamahal at awa, pinalalakas Niya tayo habang hinaharap natin ang mga hamon sa buhay. Inilarawan ni Nephi, “Ang aking Diyos ang aking naging tagapagtaguyod; pinatnubayan niya ako sa aking mga kahirapan. … Pinuno niya ako ng kanyang pagmamahal.”

That love is evident when we sustain one another in His work.

Ang pagmamahal na iyan ay makikita kapag sinusuportahan natin ang isa’t isa sa Kanyang gawain.

We sustain our living prophet at general conference, and the First Presidency, the Quorum of the Twelve Apostles, General Authorities, and Officers of the Church. To sustain means tohold upanother person, to give them our attention, to be faithful to their trust, to act upon their words. They speak by inspiration of the Lord; they un-

Sinasang-ayunan natin ang ating buhay na propeta sa pangkalahatang kumperensya, at ang Unang Panguluhan, ang Korum ng Labindalawang Apostol, mga General Authority, at mga Opisyal ng Simbahan. Ang ibig sabihin ng pagsang-ayon ay angpagsuportasa ibang tao, pagbibigay-pansin sa kanila, pagiging tapat sa

derstand the current issues, the moral decline of society, and the adversary's increasing efforts to thwart the Father's plan. Inholding upour hands, we are committing our support, not just for that moment but in our daily lives.

Sustaining includesholding upour stake presidents and bishops, quorum and organization leaders, teachers, and even camp directors in our wards and stakes. Closer to home, wehold upour wives and our husbands, children, parents, extended family, and neighbors. When wehold upone another we are saying, "I am here for you, not just tohold upyour arms and hands when they 'hang down'but to be a comfort and strength at your side."

The concept tohold upis rooted in scripture. At the Waters of Mormon, the newly baptized Church members committed "to bear one another's burdens, that they may be light; … [to] comfort those that stand in need of comfort, and to stand as witnesses of God at all times and in all things, and in all places."

To the Nephites, Jesus said: "Hold upyour light that it may shine unto the world.Behold I am the light which ye shall hold up."Wehold upthe Lord's light when we hold fast to our covenants and when we support our living prophet as he speaks the words of God.

President Russell M. Nelson said, when serving in the Quorum of the Twelve Apostles, "Our sustaining of prophets is a personal commitment that we will do our utmost to uphold their prophetic priorities."

Tohold upthe prophet is a sacred work. We do not sit quietly by but actively defend him, follow his counsel, teach his words, and pray for him.

King Benjamin, in the Book of Mormon, said to the people, "I am like as yourselves, subject to all manner of infirmities in body and mind; yet I have been chosen … and was suffered by the hand of the Lord … and have been kept and pre-

kanilang tiwala, pagkilos ayon sa kanilang mga salita.Nagsasalita sila sa pamamagitan ng inspirasyon ng Panginoon; nauunawaan nila ang mga napapanahong isyu, ang pagbagsak ng moralidad ng lipunan, at ang tumitinding pagtatangka ng kaaway na hadlangan ang plano ng Ama. Sapagtaasng ating mga kamay, nangangako tayo na susuporta, hindi lamang sa sandaling iyon kundi sa buhay natin sa araw-araw.

Kabilang sa pagsang-ayon angpagsuportasa ating mga stake president at bishop, quorum at organization leader, teacher, at maging sa mga camp director sa ating mga ward at stake. Sa personal na malapit sa atin,sinusuportahannatin ang ating mga asawa, anak, magulang, kamag-anak, at kapitbahay. Kapagsinusuportahannatin ang isa't isa sinasabi natin, "Narito ako para sa iyo, hindi lamang paraitaasang iyong mga braso at kamay kapag ang mga ito ay 'nakababa'kundi para maging kasama na magpapapanatag at magpapalakas sa iyo."

Ang konseptongitaasay batay sa banal na kasulatan. Sa mga Tubig ng Mormon, nakipagtipan ang mga bagong binyag na miyembro ng Simbahan na "magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan; … aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar."

Sinabi ni Jesus sa mga Nephita: "Itaasninyo ang inyong ilawan upang ito ay magliwanag sa sanlibutan.Masdan, ako ang ilaw na inyong itataas."Itinataasnatin ang liwanag ng Panginoon kapag kumakapit tayo nang mahigpit sa ating mga tipan at kapag sinusuportahan natin ang ating buhay na propeta habang sinasabi niya ang mga salita ng Diyos.

Sabi ni Pangulong Russell M. Nelson, noong naglilingkod pa siya sa Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang pagsang-ayon natin sa mga propeta ay personal na pangako na gagawin natin ang lahat upang sundin ang kanilang ipinag-uutos."

Angpagsang-ayonsa propeta ay sagradong gawain. Hindi tayo nananahimik lamang kundi aktibong nagtatanggol sa kanya, sumusunod sa kanyang payo, itinuturo ang kanyang mga salita, at nananalangin para sa kanya.

Si Haring Benjamin, sa Aklat ni Mormon, ay nagsabi nito sa mga tao, "Ako ay katulad din ng inyong sarili, saklaw ng lahat ng uri ng mga sakit sa katawan at isipan; gayunman ako, ay pinili … ng kamay ng Panginoon … at inaruga

served by his matchless power, to serve you with all the might, mind and strength which the Lord hath granted unto me."

Likewise, at age 100, President Nelson has been kept and preserved by the Lord. President Harold B. Lee, at the time a member of the First Presidency, cited the example of Moses standing atop the hill at Rephidim. "The hands of [the President of the Church] may grow weary," he said. "They may tend to droop at times because of his heavy responsibilities; but as we uphold his hands, and as we lead under his direction, by his side, the gates of hell will not prevail against you and against Israel.Your safety and ours depends upon whether or not we follow the ones whom the Lord has placed to preside over his church. He knows whom he wants to presideover this church, and he will make no mistake."

President Nelson draws upon years of serving the Lord. His maturity, wide-ranging experience, wisdom, and consistent receipt of revelation is specifically suited for our day.He has said: "The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints is preparing the world for the day when 'the earth shall be full of the knowledge of the Lord' (Isaiah 11:9). … This work is empowered by a divine announcement made 200 years ago. It consisted of only seven words: 'This is My Beloved Son. Hear Him!' (seeJoseph Smith—History 1:17)."

President Nelson has also said: "There has never been a time in the history of the world when knowledge of our Savior is more personally vital and relevant toevery human soul. Imagine how quickly the devastating conflicts throughout the world—and those in our individual lives—would be resolved if we all chose to follow Jesus Christ and heed His teachings."

Brothers and sisters, we need to do more lifting and less murmuring, more upholding the word of the Lord, His ways, and His prophet, who has said: "One of our greatest challenges today is distinguishing between the truths of God and the counterfeits of Satan. That is why the

at pinangalagaan ng kanyang walang kapantay na kapangyarihan upang paglingkuran kayo nang buo kong kapangyarihan, isipan at lakas na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon."

Gayundin, sa edad na 100, si Pangulong Nelson ay inaruga at pinangalagaan ng Panginoon. Si Pangulong Harold B. Lee, noong miyembro pa siya ng Unang Panguluhan, ay nagbanggit ng halimbawa ni Moises na nakatayo sa tuktok ng burol sa Refidim. "Ang mga kamay [ng Pangulo ng Simbahan] ay maaaring mapagod," sabi niya. "Maaaring bumaba ito paminsan-minsan dahil sa kanyang mabibigat na responsibilidad; ngunit kapag inalalayan namin ang kanyang mga kamay, at kapag sumunod kami sa kanyang pamumuno, sa kanyang tabi, ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi magsisipanaig laban sa inyo at sa Israel. Ang kaligtasan natin ay nakasalalay sa pagsunod o hindi pagsunod sa mga taong inilagay ng Panginoon upang mamuno sa Kanyang Simbahan. Alam Niya kung sino ang nais Niyang mamuno sa Simbahang ito, at hindi Siya magkakamali."

Maraming taon nang naglilingkod si Pangulong Nelson sa Panginoon. Ang kahustuhan ng kanyang edad at malawak na karanasan, karunungan, at palagiang pagtanggap ng paghahayag ay partikular na angkop sa ating panahon. Sinabi niya, "Inihahanda ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mundo para sa araw na 'ang lupa ay mapupuno ng kaalaman [tungkol sa] Panginoon' (Isaias 11:9). … Ang gawaing ito ay pinalakas pa ng isang sagradong pahayag 200 taon na ang nakalipas. Binubuo lang ito ng walong salita: "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" [tingnan saJoseph Smith—Kaaysayan 1:17)."

Sinabi rin ni Pangulong Nelson: Sa buong kasaysayan ng mundo, ngayon mas mahalaga at mas kailangan sa personal na buhay ngbawat taoang kaalaman tungkol sa ating Tagapagligtas. Isipin na lamang ninyo kung gaano kabilis malulutas ang mga hidwaan sa buong mundo—at sa personal nating buhay—kung pipiliin ng lahat na sundin si Jesucristo at ipamumuhay ang Kanyang mga turo."

Mga kapatid, kailangan natin na higit na magbigay ng lakas kaysa bumulung-bulong pa, mas sumunod sa salita ng Panginoon, sa Kanyang mga pamamaraan, at sa Kanyang propeta, na nagsabi: "Isa sa mga pinakamatinding hamon sa atin ngayon ay ang pagkilala sa pagitan

Lord warned us to 'pray always, … that [we] may conquer Satan, and …escape the hands of the servants of Satanthat do uphold [the adversary's] work' [Doctrine and Covenants 10:5; emphasis added]."

ng mga katotohanan ng Diyos at ng mga panggagaya ni Satanas. Kaya tayo binalaan ng Panginoon na 'manalangin tuwina, … nang [ating] mapagtagumpayan [ang kaaway], at …matakasan ang mga kamay ng mga tagapaglingkod ni Satanasna tumatangkilik sa kanyang gawain.' [Doktrina at mga Tipan 10:5; idinagdag ang diin]."

Last April, Sister Rasband and I had the honor of joining our beloved prophet and Sister Nelson for the rededication of the Manti Utah Temple.

Noong nakaraang Abril, nagkaroon kami ni Sister Rasband ng karangalang makasama ang ating pinakamamahal na propeta at si Sister Nelson para sa muling paglalaan ng Manti Utah Temple.

President Nelson surprised everyone when he entered the room. Only a very few of us knew he was coming. In his presence, I immediately felt the light and prophetic mantle he carries. The look of joy on the faces of the people personally seeing the prophet will stay with me forever.

Sinopresa ni Pangulong Nelson ang lahat nang pumasok siya sa silid. Iilan lang sa amin ang nakakaalam na darating siya. Sa kanyang presensya, nadama ko kaagad ang liwanag at balabal ng propeta na dala niya. Ang anyo ng kagalakan sa mukha ng mga tao na personal na nakikita ang propeta ay mananatili sa akin magpakailanman.

In the prayer of rededication, President Nelson petitioned the Lord that His holy house would essentiallyhold upall who entered the temple, "that they may receive sacred blessings and remain worthy and faithful to their covenants … that this may be a house of peace, a house of comfort, and a house of personal revelation for all who enter these doors worthily."

Sa panalangin ng muling paglalaan, nagsumamo si Pangulong Nelson sa Panginoon na ang Kanyang banal na bahay ay lubos namagpadakilasa lahat ng papasok sa templo "upang sila ay makatanggap ng mga sagradong pagpapala at manatiling karapat-dapat at tapat sa kanilang mga tipan … upang ito ay maging isang bahay ng kapayapaan, isang bahay ng kaginhawahan, at isang bahay ng personal na paghahayag para sa lahat ng pumapasok sa mga pintuang ito nang karapat dapat."

We all need to be lifted up by the Lord with peace, with comfort, and most of all with personal revelation to counter the fear, darkness, and contention encompassing the world.

Lahat tayo ay kailangang dakilain ng Panginoon nang may kapayapaan, kapanatagan, at higit sa lahat ay may personal na paghahayag upang labanan ang takot, kadiliman, at pagtatalo na sumasaklaw sa mundo.

Before the service, we stood outside in the sun with President and Sister Nelson to view the beautiful setting. President Nelson's ancestral ties to the area run deep. His eight great-grandparents settled in the valleys surrounding the temple, as did some of mine. My great-grandfather Andrew Anderson served on the construction crew of early pioneers who labored 11 years to complete the Manti Temple, the third in the Rocky Mountains.

Bago ang muling paglalaan, tumayo kami sa labas sa ilalim ng sikat ng araw kasama sina Pangulo at Sister Nelson para tingnan ang magandang tanawin. Maraming ninuno ni Pangulong Nelson ang nanirahan sa lugar. Ang kanyang walong lolo at lola-sa-tuhod ay nanirahan sa mga lambak na nakapalibot sa templo, gayundin ang ilan sa akin. Ang aking lolo-sa-tuhod na si Andrew Anderson ay kabilang sa pangkat ng mga manggagawa ng mga naunang pioneer na nagtrabaho nang 11 taon para matapos ang Manti Temple, ang pangatlo sa Rocky Mountains.

As we stood with President Nelson, we had the opportunity tohold upand support the prophet of God in celebration of the rededication of the Lord's holy house. It was a day I will never

Habang nakatayo kami kasama si Pangulong Nelson, nagkaroon kami ng pagkakataongsang-ayunanat suportahan ang propeta ng Diyos sa pagdaraos ng muling paglalaan ng banal na

forget.

"We build temples to honor the Lord," President Nelson said that sacred day. "They are built for worship and not for show. We make sacred covenants of eternal significance inside these sacred walls."We are gathering Israel.

President Nelson and the prophets before him have cradled the holy temples in their arms. Today, around the world, we have 350 sacred houses of the Lord that are operating, announced, or under construction. As prophet, since 2018, President Nelson has announced 168 temples.

"In our time," he has said, "a whole, complete, and perfect union of all dispensations, keys, and powers are to be welded together (seeDoctrine and Covenants 128:18). For these sacred purposes, holy temples now dot the earth. I emphasize again that construction of these temples may not change your life, but your service in the temple surely will."

"The Savior and His doctrine are the very heart of the temple," the President says. "Everything taught in the temple, through instruction and through the Spirit, increases our understanding of Jesus Christ. His essential ordinances bind us to Him through sacred priesthood covenants. Then, as we keep our covenants, He endows us withHishealing, strengthening power."

"All who worship in the temple," President Nelson has said, "will have the power of God and angels having 'charge over them' [Doctrine and Covenants 109:22]. How much does it increase your confidence to know that, as an endowed woman or man [or temple-attending youth] armed with the power of God, you do not have to face life alone? What courage does it give you to know that angels really will help you?"

bahay ng Panginoon. Isang araw iyon na hinding-hindi ko malilimutan.

"Nagtatayo tayo ng mga templo para parangalan ang Panginoon," sabi ni Pangulong Nelson sa sagradong araw na iyon. "Ang mga ito ay itinayo para sa pagsamba at hindi para magpapansin. Gumagawa tayo ng mga sagradong tipan na walang hanggan ang kahalagahan sa loob ng mga sagradong pader na ito."Tinitipon natin ang Israel.

Pinahahalagahan at minamahal ni Pangulong Nelson at ng mga propetang nauna sa kanya ang mga banal na templo. Ngayon, sa buong mundo, mayroon tayong 350 sagradong bahay ng Panginoon na ginagamit na, ibinalitang itatayo, o kasalukuyang itinatayo. Bilang propeta, mula noong 2018, nakapagbalita na si Pangulong Nelson ng 168 na mga templo.

"Sa ating panahon," sabi niya, "ang buo, kumpleto, at ganap na pagsasama-sama ng lahat ng dispensasyon, susi, at kapangyarihan ay pag-uugnay-ugnayin (tingnan saDoktrina at mga Tipan 128:18). Para sa mga sagradong layuning ito, ang mga banal na templo ay makikita na sa maraming bahagi ng daigdig. Muli kong binibigyang-diin na maaaring hindi mabago ng pagtatayo ng mga templong ito ang inyong buhay, ngunit tiyak na mababago ito ng paglilingkod ninyo sa templo."

"Ang Tagapagligtas at ang Kanyang doktrina ang pinakasentro ng templo," sabi ng Pangulo. "Ang lahat ng bagay na itinuturo sa templo, sa pamamagitan ng mga tagubilin at ng Espiritu, ay nakadaragdag sa pagkaunawa natin tungkol kay Jesucristo. Ang Kanyang mahahalagang ordenansa ang nagbibigkis sa atin sa Kanya sa pamamagitan ng mga sagradong tipan ng priesthood. Pagkatapos, kapag tinupad natin ang ating mga tipan, pagkakalooban Niya tayo ngKanyangnagpapagaling at nagpapalakas na kapangyarihan."

"Lahat ng sumasamba sa templo," sabi ni Pangulong Nelson, "ay magkakaroon ng kapangyarihan ng Diyos at ng mga anghel na '[nangangalaga] sa kanila' [Doktrina at mga Tipan 109:22]. Gaano nadaragdagan ang tiwala ninyo sa sarili na malaman na, bilang isang na-endow na babae o lalaki [o kabataang palaging dumadalo sa templo] na taglay ang kapangyarihan ng Diyos, hindi ninyo kailangang harapin nang mag-isa ang buhay? Anong lakas ng loob ang ibinibigay sa inyo na malaman na talagang tutulungan kayo ng mga anghel?"

Angels reaching out tohold us upis described in the scriptures when Jesus Christ knelt humbly in the Garden of Gethsemane. By His suffering He provided an infinite Atonement. "There," President Nelson states,"the greatest single act of love of all recorded history took place. … There at Gethsemane, the Lord 'suffered the pain of all men, that all … might repent and come unto him' [Doctrine and Covenants 18:11]."

Ang mga anghel na nagsisikap namagbigay ng lakasay inilarawan sa mga banal na kasulatan nang mapagpakumbabang lumuhod si Jesucristo sa Halamanan ng Getsemani. Sa Kanyang pagdurusa naglaan Siya ng walang-hanggang Pagbabayad-sala. "Doon," sabi ni Pangulong Nelson, "naganap ang pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal sa lahat ng nakatalang kasaysayan. … Doon sa Getsemani, ang Panginoon ay 'tiniis ang mga pasakit ng lahat ng tao, upang ang lahat … ay magsisi at makalapit sa kanya' [Doktrina at mga Tipan 18:11]."

"Remove this cup from me," Jesus Christ asked, "nevertheless not my will, but thine, be done.

"And there appeared an angel unto him from heaven, strengthening him."

We have angels round about us today. President Nelson has said, "[In the temple,] you will learn how to part the veil between heaven and earth, how to ask for God's angels to attend you."

"Ilayo mo sa akin ang kopang ito," ang samo ni Jesucristo, "gayunma'y huwag ang kalooban ko ang mangyari kundi ang sa iyo.

"Nagpakita sa kanya ang isang anghel na mula sa langit na nagpalakas sa kanya."

May mga anghel tayo na nakapalibot sa atin ngayon. Sinabi ni Pangulong Nelson, "[Sa templo] matututuhan ninyo kung paano hawiin ang tabing sa pagitan ng langit at lupa, kung paano hilingin sa mga anghel ng Diyos na tulungan kayo, at kung paano mas makatanggap ng patnubay mula sa langit."

Angels bring light. God's light. To His Nephite Apostles, Jesus said, "Behold I am the light which ye shall hold up."As we sustain our prophet, we testify he is called of our Savior, who is "the light … of the world."

Ang mga anghel ay nagdadala ng liwanag. Ang liwanag ng Diyos. Sa Kanyang mga Apostol na Nephita, sinabi ni Jesus, "Masdan, ako ang ilaw na inyong itataas."Kapag sinasang-ayunan natin ang ating propeta, pinatototohanan natin na tinawag siya ng ating Tagapagligtas, "ang liwanag … ng sanlibutan."

Dear President Nelson, on behalf of the members and friends of the Lord's Church throughout the world, we feel blessed tohold upyour teachings, tohold upyour example of Christlike living, and tohold upyour fervent testimony of our Lord and Savior, the Redeemer of us all.

Mahal naming Pangulong Nelson, sa ngalan ng mga miyembro at kaibigan ng Simbahan ng Panginoon sa iba't ibang panig ng mundo, pinagpala kamingmasunodang inyong mga turo,matularanang inyong halimbawa ng pamumuhay na tulad ng kay Cristo, atmapahalagahanang inyong taimtim na patotoo sa ating Panginoon at Tagapagligtas, ang Manunubos nating lahat.

I bear my apostolic witness that Jesus Christ is "the light … of the world."May we all, as His disciples, "hold up" His light. In the name of Jesus Christ, amen.

Pinatototohanan ko bilang apostol na si Jesucristo ang "liwanag … ng sanlibutan."Nawa'y lahat tayo, bilang Kanyang mga disipulo, ay "magtaas" ng Kanyang liwanag. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.